



Mga Rekomendasyon ng Pampublikong Kalusugan sa COVID-19 COVID-19 Public Health Recommendations in Tagalog

☐ **Mga Lokasyon ng Libreng Pagpapasuri para sa COVID-19**

Ikaw ba ay may sakit? Magpasuri ka para sa COVID-19

Magpasuri ka ng COVID-19 kung ikaw ay:

- May mga sintomas tulad ng mga sumusunod: Pag-ubo, hirap sa pag-hinga, lagnat, panginginig, pananakit ng mga kalamnan, pamamaga ng lalamunan o kawalan ng panlasa o pang-amoy.
- Ikaw ba ay nakasalamuha ng isang may COVID-19.

Kahit ang mga mayroong banayad na sintomas ay dapat mag-pasuri. Hilingin mo sa iyong doktor ang pag-susuri. Kung ikaw ay walang sariling doktor o ikaw ay hindi masuri ng iyong doktor, maari ka naming tulungan. Tumawag sa 206-447-3977 mula sa 8:00 ng umaga hanggang alas 7:00 ng gabi. Hilingin ang serbisyo ng tagapag-salin sa wikang kailangan mo. Iwasan muna ang pakikisalamuha sa iba hanggang iyong malaman na ikaw ay walang COVID-19. Ang mabilis na pagsusuri sa sandaling makaranas ka ng sakit ay magbibigay ng proteksyon sa iyong pamilya, mga kaibigan at ng pamayanan.

Manatili sa Bahay upang Manatiling Malusog

Si Gobernador Jay Inslee ay naglabas ng pambuong-estadong kautusan (Stay Home, Stay Healthy) noong Marso 23. Itong pagpapahayag ay nagsasabi na:

- Bawat residente ng Washington ay kailangang manatili sa bahay maliban kung kailangan nilang ituloy ang isang mahalagang gawain.
- Lahat ng pagtitipon para sa mga layuning panlipunan, espirituwal at libangan ay ipinagbabawal.

Lahat ng negosyo maliban sa mga mahahalagang negosyo ay dapat sarado. Ang mga negosyo na maaaring mapatakbo sa pamamagitan ng telework o pagtatrabaho

mula sa bahay ay maaaring magpatuloy. Kabilang sa Mga mahahalagang negosyo ang mga tindahan ng groseri, mga parmasya, mga bangko, pangangalaga sa kalusugan, pangkalahatang serbisyo ng gas, koryente at tubig, transportasyon, pag-aalaga ng bata atbp.

Ano ang pinapayagan:

- Pamimili ng groseri at pag-order ng pagkain mula sa mga restawran (mga pagkaing inihahatid ay pinahihintulutan din)
- Pagdalo sa mga medikal appointment at pagpunta sa mga parmasya
- Paglalakad, pagtatakbo, pagbibisikleta at paghahalaman. Kapag gumagawa ka ng mga aktibidad sa labas, kailangan mong manatili sa anim na talampakang kalayo sa iba.
- Pagpunta sa mga istasyon ng gas, mga bangko ng pagkain, mga tindahan ng kaginhawaan, mga bangko at mga labandera
- Pagpunta sa trabaho kung ikaw ay bahagi ng anumang "mga mahahalagang negosyo"

Ano ang hindi pinapayagan:

- Paglahok sa anumang tao sa paglilibang, libangan o mga sosyal klab
- Pagdalo o paglalaro ng mga larong pampalakasan at mga pagsasanay
- Pagpunta sa mga kasal o mga libing
- Pagdalo sa mga relihiyosong serbisyo
- Pagbisita sa mga museo, mga teatro, mga galerya ng sining o pagkolekta ng mga pondo
- Pagpunta sa mga konsiyerto, mga piyesta o mga parada
- Pag-ehersisyo sa gym o sentro ng kaangkupan
- Pagpunta sa mga salon ng kuko, mga gupitan ng barbero, o mga parlor ng tatuhan
- Pagpunta sa mga inuman o pagkain sa mga restawran (ang parehong mga gawain ay ipinagbawal na)

Mga Lokasyon ng Libreng Pagpapasuri para sa COVID-19

Masama ang Pakiramdam? Magpasuri

Iwasan ang pagkahawa sa COVID-19 ng mga kapamilya, kaibigan, at komunidad sa pamamagitan ng pagpapasuri agad kapag pakiramdam mong may sakit ka. Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o nagkaroon ka ng malapit na pakikisalamuha sa isang taong may COVID-19, dapat kang magpasuri agad. Maraming sintomas ang COVID-19. Kabilang dito ang lagnat, ubo, kahirapang huminga, pananakit ng kalamnan, at kawalan ng panlasa o pang-amoy. Dapat kang magpasuri kahit na hindi malubha ang iyong sintomas o kung may iba kang sintomas na maaaring dulot ng COVID-19.

Paano ako magpapasuri?

Nagbibigay ng libreng pagsusuri para sa COVID-19 ang mga sumusunod na lokasyon sa lahat ng tao anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o seguro. Hindi ka ituturing na "umaasa sa publiko (public charge)" dahil sa pagkuha ng pagsusuri para sa COVID-19.

Maraming wika ang ginagamit sa karamihan ng mga lokasyon at mayroong libreng interpretasyon ng wika na magagamit nang walang babayaran.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tawagan ang Sentro ng Tawagan para sa COVID-19 ng King County (bukas 7 araw bawat linggo, 8 AM - 7 PM), sa 206-477-3977. Sabihin ang pangalan ng iyong wika kung kailangan mo ng tagasalin.

Hindi kumpleto ang listahang ito at maaaring hindi ito naglalaman ng mga pinakabagong lokasyon o impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

May limitadong oras ang mga lokasyon. Mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa lokasyon para sa mga oras at para gumawa ng appointment.

Ahensya	Lokasyon	Direksiyon	Numero ng Telepono	Mga Wikang Ginagamit sa Lokasyon
City of Seattle (Lungsod ng Seattle)	Aurora (North Seattle)	12040 Aurora Ave N., Seattle, WA 98133	(206) 684-2489	May magagamit na interpretasyon
	SODO (South Seattle)	3829 6th Ave South Seattle, WA 98108	(206) 684-2489	May magagamit na interpretasyon
HealthPoint	Kent Urgent Care (Agarang Pangangalaga ng Kent)	219 State Ave N. (#100) Kent, WA 98030	(253) 372-3602	Español; Walang magagamit na interpretasyon
	Renton Administration Office (Tanggapan ng Pangangasiwa ng Renton)	955 Powell Ave SW Renton, WA 98057	(425) 277-1311	Español; May magagamit na interpretasyon
	Auburn	123 Auburn Avenue Auburn, WA 98002	(253) 735-0166	Ruso, Español, Ukrainian; may magagamit na interpretasyon
International Community Health Services (ICHS)	International District Clinic (Klinika ng Internasyonal na Distrito)	720 8th Ave S. Seattle, WA 98104 (Direktang nasa harap ng Klinika)	(206) 788-3700	Cantonese, Mandarin, Toisanese, Vietnamese; may magagamit na interpretasyon
	Shoreline Clinic (Klinika ng Shoreline)	16549 Aurora Ave N. Shoreline, WA 98133 (Sa loob ng paradahan)	(206) 533-2600	Cantonese, Korean, Mandarin, Vietnamese; may magagamit na interpretasyon

Neighborcare Health	Meridian (North Seattle)	10521 Meridian Ave N. Seattle, WA 98133	(206) 296-4990	Amharic, Somali, Español, Tagalog, Vietnamese; may magagamit na interpretasyon
	Rainier Beach (South Seattle)	9245 Rainier Ave S. 2nd Floor Seattle, WA 98118	(206) 722-8444	Amharic, Arabic, Cham, French, Malay, Somali, Español, Tagalog, Tigrinya, Vietnamese; may magagamit na interpretasyon
	High Point (West Seattle)	6020 35th Ave SW, 1st Floor Seattle, WA 98126	(206) 461-6950	Amharic, Arabic, Cambodian, Oromo, Ruso, Somali, Español, Ukrainian; may magagamit na interpretasyon
	Vashon Island	10030 SW 210th St Vashon Island, WA 98070	(206) 463-3671	May magagamit na interpretasyon
Public Health (Pampublikong Kalusugan)	Downtown Public Health Center (Sentro ng Pampublikong Kalusugan sa Kabayanan) (Hindi kailangan ang appointment)	2124 4th Ave. (sa likod) Seattle, WA 98	(206) 477-8300	May magagamit na interpretasyon
Sea Mar Community Health Centers (Mga Sentrong Pangkalusugan ng Komunidad ng Sea Mar)	South Park	8720 14th Avenue S Seattle, WA 98108	(253) 681-6600	May magagamit na interpretasyon
	Federal Way	31405 18th Ave S Federal Way, WA 98003	(253) 681-6600	Korean, Español; may magagamit na interpretasyon
UW Mobile Clinic (Mobil na Klinika ng UW)	Rainier Beach High School (Miyerkules at Sabado, 10am-3pm hindi kailangan ang appointment)	8815 Seward Park Ave S, Seattle, WA 98118	(206) 744-0400	May magagamit na interpretasyon
	South Seattle College (Biyernes, 10am-3pm, hindi kailangan ang appointment)	6000 16th Avenue SW Seattle, WA 98106	(206) 744-0400	May magagamit na interpretasyon
Vashon BePrepared	Vashon Island	(Tumawag para gumawa ng appointment)	(844) 469-4554	Magagamit ang nterpretasyon sa wikang Español

Patnubay para sa lahat

Maaari mong mabawasan ang panganib sa iyong sarili, at mahalaga, sa mga mas vulnerable sa COVID-19:



- **Manatili sa bahay** at huwag lumabas sa publiko kapag ikaw ay may sakit.
- **Iwasan ang mga medikal na lugar sa pangkalahatan maliban kung kinakailangan.** Kung ikaw ay may sakit sa anumang paraan **tumawag muna sa opisina ng iyong doktor bago pumunta.**
- **Kahit na wala kang sakit, iwasan ang pagbisita sa mga ospital, pangmatagalang pasilidad ng pag-aalaga o mga pag-aalagang tahanan** hangga't maaari. Kung kailangan mong bisatahin ang isa sa mga pasilidad na ito limitahan ang iyong oras doon at panatilihin ang 6 na talampakan na layo mula sa mga pasyente.
- **Huwag pumunta sa emergency room maliban lang kung kinakailangan.** Ang mga pang-emerhensiya na serbisyong medikal ay kailangang maglingkod muna sa pinaka-kritikal na pangangailangan. Kung mayroon kang ubo, lagnat, o iba pang sintomas, tawagan muna ang iyong regular na doktor.
- **Magsanay sa mahusay na mga gawi sa kalinisan,** kabilang ang madalas na paghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, pag-ubo sa isang tissue o sa iyong siko, at iwasan na hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig.
- **Lumayo sa mga taong may sakit,** lalo na kung mas mataas ang panganib mo sa koronabayrus.
- **Linisin ang mga bagay na madalas hawakan at ang mga bagay-bagay** (tulad ng mga hawakan ng pintuhan at mga suwits ng mga ilaw). Ang mga regular na panglinis sa sambahayan ay epektibo.
- **Damihan ang pahinga, uminom ng maraming likido, kumain ng malusog na pagkain, at pangasiwaan ang iyong matinding pagod** upang mapanatiling malakas ang iyong kaligtasan.

Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o mga katanungan, maaari kang tumawag sa:

- King County Novel Coronavirus Call Center, **206-477-3977**. Itong linya ng tulong ay bukas mula 8 a.m. hanggang 7 p.m. araw araw.
- Washington State Novel Coronavirus Call Center, **1-800-525-0127** at pindutin ang #. Itong linya ng tulong ay bukas mula 6 a.m. hanggang 10 p.m. araw araw.

Ang mga operator ay maaaring magkonekta sa isang ikatlong-partidong tagapagsalin. Kailangan mong sabihin sa kanila sa Ingles kung anong wika ang kailangan mo para sa interpretasyon. Maaari kang makaranas ng mahabang oras ng paghihintay.

Humandang tumulong sa isa't isa. Ang malakas na pandama ng komunidad ang makakatulong sa atin sa isang mahirap na panahon.



Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 (dating kilala bilang ang "bagong koronabayrus") ay isang bagong uri ng mikrobyo na kumakalat mula sa tao-sa-tao. Ito ay kasalukuyang nasa Estados Unidos at marami pang ibang bansa.

Paano kumakalat ang bagong koronabayrus (COVID-19)?

Pinag-aaralan pa rin ng mga eksperto sa kalusugan ang tungkol sa pagkalat. Sa kasalukuyan, ito ay kaisipang naikakalat:

- sa pamamagitan ng paghinga ng mga talsik kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumabahin
- sa pagitan ng mga tao na malapit makipag-ugnayan sa isa't isa (sa loob ng mga 6 na talampakan)
- sa pamamagitan ng paghawak sa isang ibabaw o bagay na may mikrobyo at pagkatapos ay hahawakan ang bibig, ilong, o mga mata

Ano ang mga sintomas?

Ang mga taong nasuri na may bagong koronabayrus ay nag-ulat na ang mga sintomas ay maaaring lumitaw magmula sa 2 araw o hangga't 14 araw matapos ang pagkakalantad sa mikrobyo:



Gabay para sa mga tao na may mas mataas na panganib para sa malubhang COVID-19 na sakit

Ang pamublikong kalusugan ay nagrerekomenda na ang mga tao na nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit ay dapat manatili sa bahay at malayo sa malalaking grupo ng mga tao hangga't maaari. Kabilang sa mga tao na nasa mas mataas na panganib ay ang mga sumusunod:

- Mahigit 60 taong gulang
- Na may mga pangunahing kondisyon sa kalusugan kabilang ang mga sakit sa puso, sakit sa baga, o diyabetes
- Na may mga mahinang resistensiya laban sa sakit
- Mga nagdadalang tao

Ang sinumang may mga katanungan tungkol sa kung ang kanilang kalagayan ay nalalagay sa panganib para sa malubhang sakit na COVID-19 ay dapat kumunsulta sa kanilang mga tagapag-alaga sa kalusugan.

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 (dating kilala bilang ang "bagong koronabayrus") ay isang bagong uri ng mikrobyo na kumakalat mula sa tao-sa-tao. Ito ay kasalukuyang nasa Estados Unidos at marami pang ibang bansa.

Paano kumakalat ang bagong koronabayrus (COVID-19)?

Pinag-aaralan pa rin ng mga eksperto sa kalusugan ang tungkol sa pagkalat. Sa kasalukuyan, ito ay kaisipang naikakalat:

- sa pamamagitan ng paghinga ng mga talsik kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumabahin
- sa pagitan ng mga tao na malapit makipag-ugnayan sa isa't isa (sa loob ng mga 6 na talampakan)
- sa pamamagitan ng paghawak sa isang ibabaw o bagay na may mikrobyo at pagkatapos ay hahawakan ang bibig, ilong, o mga mata

Ano ang mga sintomas?

Ang mga taong nasuri na may bagong koronabayrus ay nag-ulat na ang mga sintomas ay maaaring lumitaw magmula sa 2 araw o hangga't 14 araw matapos ang pagkakalantad sa mikrobyo:



Gabay para sa mga tao na may mas mataas na panganib para sa malubhang COVID-19 na sakit

Ang pampublikong kalusugan ay nagrerekomenda na ang mga tao na nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit ay dapat manatili sa bahay at malayo sa malalaking grupo ng mga tao hangga't maaari. Kabilang sa mga tao na nasa mas mataas na panganib ay ang mga sumusunod:

- **Mahigit 60 taong gulang**
- **Na may mga pangunahing kondisyon sa kalusugan kabilang ang mga sakit sa puso, sakit sa baga, o diyabetes**
- **Na may mga mahinang resistensiya laban sa sakit**
- **Mga nagdadalang tao**

Ang sinumang may mga katanungan tungkol sa kung ang kanilang kalagayan ay nalalagay sa panganib para sa malubhang sakit na COVID-19 ay dapat kumunsulta sa kanilang mga tagapag-alaga sa kalusugan.

Gabay para sa mga pinagtatrabahuhan

Ang mga employer ay dapat gumawa ng mga hakbang upang maging mas madali para sa kanilang empleyado na magtrabaho sa paraang mabawasan ang malapit na pakikipagkontak sa maraming tao.

Ang mga employer ay dapat:

- Damihan hanggang sa maaari ang mga empleyadong may mga opsiyon na magtrabaho sa labas ng opisina.
- Himukin ang mga empleyado na manatili sa bahay kapag sila ay may sakit.
- Lawakan ang kakayahang umangkop sa mga benepisyo ng pagkakasakit para sa mga taong may karamdaman o kaya ay inirerekomenda na manatili sa bahay dahil sila ay nasa mataas na panganib.
- Isaalang-alang ang pag-aayos ng ibat-ibang oras sa pagsisimula at pagtatapos upang mabawasan ang ma- laking bilang ng mga taong sabay sabay na darating sa parehong oras.

Gabay para sa mga paaralan

Noong Abril 6, inatasan ni Gobernador Inslee ang lahat ng mga pampubliko at pribadong gusali ng paaralang K-12 na manatiling sarado para sa natitirang taon ng eskuwela.

Patnubay para sa lahat

Maaari mong mabawasan ang panganib sa iyong sarili, at mahalaga, sa mga mas vulnerable sa COVID-19:

- **Manatili sa bahay** at huwag lumabas sa publiko kapag ikaw ay may sakit.
- **Iwasan ang mga medikal na lugar sa pangkalahatan maliban kung kinakailangan.** Kung ikaw ay may sakit sa anumang paraan **tumawag muna sa opisina ng iyong doktor bago pumunta.**
- **Kahit na wala kang sakit, iwasan ang pagbisita sa mga ospital, pangmatagalang pasilidad ng pag-aalaga o mga pag-aalagang tahanan** hangga't maaari. Kung kailangan mong bisatahin ang isa sa mga pasilidad na ito limitahan ang iyong oras doon at panatilihin ang 6 na talampakan na layo mula sa mga pasyente.
- **Huwag pumunta sa emergency room maliban lang kung kinakailangan.** Ang mga pang- emerhensiya na serbisyong medikal ay kailangang maglingkod muna sa pinaka-kritikal na pangangailangan. Kung mayroon kang ubo, lagnat, o iba pang sintomas, tawagan muna ang iyong regular na doktor.

- **Magsanay sa mahusay na mga gawi sa kalinisan**, kabilang ang madalas na paghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, pag-ubo sa isang tissue o sa iyong siko, at iwasan na hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig.
- **Lumayo sa mga taong may sakit**, lalo na kung mas mataas ang panganib mo sa koronabayrus.
- **Linisin ang mga bagay na madalas hawakan at ang mga bagay-bagay** (tulad ng mga hawakan ng pintuhan at mga suwits ng mga ilaw). Ang mga regular na panglinis sa sambayanan ay epektibo.
- **Damihan ang pahinga, uminom ng maraming likido, kumain ng malusog na pagkain, at pangasiwaan ang iyong** matinding pagod upang mapanatiling malakas ang iyong kaligtasan.

Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o mga katanungan, maaari kang tumawag sa:

- King County Novel Coronavirus Call Center, 206-477-3977. Itong linya ng tulong ay bukas mula 8 a.m. hanggang 7 p.m. araw araw.
- Washington State Novel Coronavirus Call Center, 1-800-525-0127 at pindutin ang #. Itong linya ng tulong ay bukas mula 6 a.m. hanggang 10 p.m. araw araw.

Ang mga operator ay maaaring magkonekta sa isang ikatlong-partidong tagapagsalin. Kailangan mong sabihin sa kanila sa Ingles kung anong wika ang kailangan mo para sa interpretasyon. Maaari kang makaranas ng mahabang oras ng paghihintay.



Kailangan ng Suporta upang Maghiwalay o Magkuwarentenas?

Narito ang King County upang tumulong



Paghihiwalay Kontra Kuwarentenas: Ano ang Pagkakaiba?



Paghihiwalay

Ang paghihiwalay ay para sa mga taong positibo ang pagsusuri para sa COVID-19 o may mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, o pag-kapos ng hininga. Sa pamamagitan ng paglayo sa iba (paghihiwalay) habang ikaw ay may sakit, maiiwasan mong mahawaan ang mga kasambahay at mga tao sa komunidad.



Kuwarentenas

Ang kuwarentenas ay para sa mga taong mabuti ang pakiramdam ngunit malapit na nakipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19. Sa panahon ng kuwarentenas, inirerekomenda ng mga eksperto sa kalusugan na lumayo ka sa iba sa loob ng 14 na araw at abangan ang mga sintomas.

Ano ang Sentro ng Paghihiwalay at Kuwarentenas (I&Q)?




Nagbibigay ang mga Sentro ng I&Q ng ligtas, malinis, at komportableng lugar upang manatili ang mga taong hindi ligtas na magkuwarentina o maghiwalay sa kanilang tahanan, o walang bahay.

Nagsisilbi ang mga Sentro ng I&Q ng dalawang mahahalagang tungkulin: ginagawa nila itong mas madali para sa iyo na malagpasan ang isang napakahirap na sitwasyon at pinapabagal din nila ang pagkalat ng COVID-19.

Kung nais mong maghiwalay o magkuwarentenas sa bahay ngunit nagkakaproblema ka sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan mo, tulad ng pagkuha ng pagkain o gamot, mangyaring tawagan kami. Susubukan naming ikonekta ka sa mga mapagkukunan.

Sino ang Maaaring Manatili sa isang Sentro ng Paghihiwalay at Kuwarentenas sa King County?



Mga esensiyal na manggagawa na may isang mataas-ang-panganib na tao sa bahay



Manlalakbay



Mga taong naninirahan sa maraming henerasyong sambahayan



Mga taong walang permanenteng pabahay



Mga taong naninirahan sa mga nagtitipong pamumuhay tulad ng mga silungan, mga grupong tahanan, at mga dormitoryo



Ang sinumang hindi magagawang maghiwalay o magkuwarentenas sa bahay

Anong Mga Serbisyo ang Maaasahan Ko bilang isang Bisita sa isang Sentro ng Paghihiwalay at Kuwarentenas sa King County?



Mga pagkain na nagbibigay Parangal sa Mga kinakailangan sa Pagkain



Mga Regular na Medikal Tsek-in



Suporta sa Kalusugan ng Kaisipan



Isang Ligtas na Espasyo na may Mga malinis na Lino at Serbisyo ng Labahan



Mga Meryenda at Gamit sa Bany



Cable TV o Portable Tablet



24/7 Tulong sa Telepono at Pag-akses sa Wika



24/7 Seguridad



Transportasyon papunta at mula sa Lokasyon



Tumawag para Makakuha ng Mga Serbisyo

Tumawag sa King County COVID-19 Call Center upang malaman kung ang mga serbisyong paghihiwalay at kuwarentenas ay tama para sa iyo. Magagamit ang interpretasyon.

Telepono #: (206) 477-3977 Mga oras: 8 AM - 10 PM araw-araw

Matuto nang higit pa: kingcounty.gov/covid

ANG PINALAWAK NA COVID-19 NA SAKLAW NG MEDIKAL PARA SA MGA WALANG DOKUMENTONG RESIDENTE NG ESTADO NG WASHINGTON



SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

MGA INDIBIDWAL NA:

- ✓ Hindi karapat-dapat sa Medicaid dahil sa katayuan ng pagkamamamayan



- ✓ Mayroong mga sintomas ng COVID-19, tulad ng lagnat, ubo at igsi ng paghinga



Paunawa: Ang pagkuha ng isang COVID-19 na saklaw ng medikal ay HINDI maibibilang para sa pagsusulit sa Pampublikong Pagsingil.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG COVID-19, TULAD NG PAGSURI AT PAGGAMOT?

- ✓ Bumisita sa isang tanggapan ng tagapagkaloob ng medikal o kapaligirang klinik (tulad ng tanggapan ng doktor, rehistradong nars at praktiskang nars).



- ✓ HUWAG pumunta sa silid ng emerhensiya o iba pang mga lokasyon ng panloob o panlabas na pasyente



ANONG MGA SERBISYONG COVID-19 ANG SAKOP?

- ✓ Pagsuri at paggamot sa anumang tanggapan, mobil, at mga lokasyon na hindi-ospital



- ✓ Mga gamot at kagamitan na kinakailangan habang hinihintay ang mga resulta ng pagsusuri



- ✓ Mga gamot at kagamitan na kinakailangan pagkatapos ng diyagnosis ng COVID-19



- ✓ Mga pagsubaybay na pagbisita (hanggang sa 2) pagkalabas mula pagpasok bilang panloob na pasyente dahil sa COVID-19



PAANO AKO MAG-AAPLAY?

 Tumawag sa Community Health Access Program (CHAP) sa 1-800-756-5437 para sa libre at kumpidensyal na tulong

Magagamit ang mga tagasalin at TTY kapag hiniling. Makakatulong din ang CHAP sa iyo na makahanap ng isang tagapagkaloob ng medikal.

 Tumawag sa Washington Health Benefit Exchange: 1-855-923-4633 o 1-855-627-9604

Magagamit ang mga tagasalin at TTY kapag hiniling.

 Tumawag sa King County COVID-19 Linya ng Impormasyong Pangkomunidad sa 206-296-1608

(Lunes - Biyernes) 8:30 AM - 4:30 PM

 Bisitahin ang: wahealthplanfinder.org

 Mag-fax ng isang papel na aplikasyon (HCA 18-001P) sa 1-855-867-4467

 Makipag-ugnay sa isang samahan ng komunidad na iyong pinagkakatiwalaan at humingi ng tulong sa aplikasyon

PARA SA MGA TAGAPAGKALOOB

PAANO MAGSUMITE NG MGA KAHILANGAN ANG MGA TAGAPAGKALOOB PARA SA PAGSURI AT PAGGAMOT NG COVID-19 SA SAKLAW NA ITO?

TANGGAPAN NG TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO / MOBIL / IBA PANG KAHILINGANG PANGKAPALIGIRAN:

- ✓ Isama ang CR na panuring
- ✓ Para sa pagsuri isama ang (mga) code ng diyagnosis para sa bawat isa sa mga nagpapakita ng mga palatandaan o sintomas
- ✓ Para sa paggamot ng kumpirmadong COVID-19 isama ang ICD-10 code U07.1
- ✓ Para sa mga pagtanggap sa paggamot ng COVID-19 o mga komplikasyon nito, ang ahensya ay magsasakop ng hanggang sa dalawang pagsubaybay na pagbisita pagkatapos mapalabas ng doktor, hindi alintana kung paano o kung saan isinasagawa ang mga pagbisita

MGA KAHILANGAN NG PANLABAS NA PASYENTE NG OSPITAL, KABILANG ANG MGA SERBISYO NG ER AT PAGMAMASID

- ✓ Dapat isama ng diyagnosis ang alinman sa: B34.2 o U07.1
- ✓ Para sa mga pagtanggap sa paggamot ng COVID-19 o mga komplikasyon nito, ang ahensya ay magsasakop ng hanggang sa dalawang pagsubaybay na pagbisita pagkatapos mapalabas ng doktor, hindi alintana kung paano o kung saan isinasagawa ang mga pagbisita

MGA KAHILANGAN NG PANLOOB NA PASYENTE PARA SA COVID-19

- ✓ Sundin ang karaniwang gabay sa pagsingil ng AEM
- ✓ Ilagay ang code sa pangunahing diyagnosis na ginagamot at isama ang pagkakaroon ng COVID-19 bilang pangalawang diyagnosis gamit ang naaangkop na mga code (i.e. B34.2 o U07.1)

PARA SA COVID-19 NA Pagsingil, PAG-CODING, O MGA KATANUNGAN SA PATAKARAN NG TELEHEALTH:

 HCAAH_COVID19@hca.wa.gov

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON SA SAKLAW NG KALUSUGAN NG COVID-19 PARA SA MGA WALANG DOKUMENTONG RESIDENTE NG ESTADO NG WASHINGTON, BISITAHIN ANG:

 www.hca.wa.gov

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay tumutukoy sa sumusunod na patakaran: WAC 182-507-0115.

Public Health
Seattle & King County 

Sentro ng Tawagan: Hilingin ang mga Serbisyo ng Tagapagsalin ng wika
May mga katanungan ka ba tungkol sa COVID-19? Ang mga tagapagsalin ng wika ay handang tumugon mula sa Sentrong Tawagan ng King County KoronaBayrus.

Kung kailangan ang tagapagsalin ng wika:

- Tumawag sa 206-477-3977
- Isang mensahe ang una mong maririnig. Hintayin ang opereytor ng sentro ng tawagan.
- Sabihin ang wikang nais mong gamitin sa salitang Ingles para dito. Halimbawa: sabihin ang "Tagalog o Filipino".
- Ang opereytor ng sentro ng tawagan ay tatawag ng serbisyo ng Tagapagsalin ng wika. Huwag mong ibababa ang iyong linya. Manatili sa telepono hanggang ang tagapagsalin ng wika ay nasa linya na.
- Sabihin ang iyong mga katanungan sa tagapagsalin ng wika.

Humandang tumulong sa isa't isa. Ang malakas na pandama ng komunidad ang makakatulong sa atin sa isang mahirap na panahon.

☐ Link/share our site at www.kingcounty.gov/covid/filipino

Last Updated June 15, 2020